Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz

# SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 15, 2025, LUNES, IKA-09:38 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: 30 SEP 2025 Santa Cruz, Laguna

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RELEASED Name: 30 SEP 2025 Time: Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 297-T2025**

**KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. ROSELLER "ROSS" H. RIZAL, PUNONG LUNGSOD NG CALAMBA NA MAPABILANG ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA SA PROGRAMANG SISTERHOOD NA ITINATAGUYOD NG NATURANG LUNGSOD.**

**MAY-AKDA: KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**
**SPONSOR: KGG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR.**

**SAPAGKAT,** ang bayan ng Santa Cruz bilang kabisera ng bayan sa lalawigan ng Laguna at itinalagang sentro ng mga gawaing pang-edukasyon, (pagsasanay at kultura), at naghahatid ng suportang teknikal, materyal at espirituwal,

**SAPAGKAT,** kailangan ang mga pamamaraang makapagbibigay-gabay at tiyakang lunas upang matugunan ang mga naturang pangangailangan ng pamayanan;

**SAPAGKAT,** naniniwala ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna, sampu ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ang programang "sisterhood" ay abot- kamay na tutugon at magbibigay-pag-asa para sa pag-unlad ng bayang ito.

**KUNG KAYAT, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. ( Tagapamuno ng Lupon sa Mabuting Pamamahala, Pampublikong Asal at Pampublikong Pananagutan), na pinangalawahan nina Kgg. Rizaldy N. Kalaw, Kgg. Norman T. Tolentino at Kgg. Louie C. De Leon at pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Hilingin sa Kgg. Roseller "Ross" H. Rizal, Punong Lungsod ng Calamba na mapabilang ang bayan ng Santa Cruz. Laguna sa programang "Sisterhood" na itinataguyod ng naturang lungsod.

**PINAGPASIYAHAN PA**: Na ipaabot ang taos-pusong pasasalamat sa Kgg. Ross H. Rizal, Punong Lungsod ng Calamba, na patuloy na nagmamalasakit para sa kapakanan ng pamayanan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lungsod Roseller "Ross" H. Rizal, Pamahalaang Lungsod ng Calamba; Kgg. Punong Bayan Joseph Kris Benjamin B. Agarao ng Santa Cruz, Laguna, Pambayang Administrador Ret. Judge Agripino G. Morga; at mga may kinalaman, bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTIBAY. Setyembre 15. 2025**
**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan